

# Patakaran sa Tulong sa Pananalapi ng RUSH – Buod sa Simpleng Pananalita

## Mga Programang Tulong sa Pananalapi:

1. **Presumptive Charity Care** – Binabawasan ang singil ng RUSH para sa mga pasyenteng walang seguro ng 100% kung totoo ang isa sa mga sumusunod na pamantayan:
  - Ang Kita ng Pamilya ay 0 – 200% ng Federal Poverty Guidelines
  - Karapat-dapat ang pasyente para sa Medicaid para sa iba pang petsa ng serbisyo o mga serbisyong itinuturing na hindi saklaw ng Medicaid
  - Nakatala ang pasyente sa, o karapat-dapat para sa, programa ng tulong para sa mga indibidwal na may mababang kita (WIC, SNAP, Programa ng Libreng Almusal/Tanghalian ng IL, Programang Tulong sa Enerhiya ng Tahanang may Mababang Kita, Medikal na Tulong na Nakabase sa Komunidad o tumatanggap ng Kaloob na Tulong)
  - Walang bahay, patay na walang ari-arian, o may kapansanan sa isipan
  - Nakakulong sa isang bilanguan
2. **Charity Care Program** – Binabawasan ang singil ng RUSH para sa mga pasyenteng walang seguro o nakaseguro ng 100% kung magsusumite ng lahat ng kinakailangang dokumento (ayon sa inilarawan sa pahina 2) at ang kita ng pamilya ay katumbas o mababa sa 300% ng Federal Poverty Guidelines. Maaaring ilapat ang benepisyo ng Charity Care pagkatapos ng pagbabayad ng seguro para saklawin ang mga deductible at coinsurance lamang. Hindi karapat-dapat ang mga copayment para sa diskwentong ito.
3. **Programang Diskwento para sa Kulang ang Seguro** – Binabawasan ang bill ng RUSH ng 80% para sa mga pasyenteng kulang ang seguro at ang kita ng pamilya ay mas mataas sa 300% at katumbas o mas mababa sa 400% ng Federal Poverty Guidelines.
4. **Diskwento para sa Hindi Nakaseguro na Pasyente** – Binabawasan ang bill ng RUSH ng 80% para sa mga pasyenteng hindi nakaseguro at ang kita ng pamilya ay katumbas o mas mababa sa 600% ng Federal Poverty Guidelines. Maaaring kailanganin ang nakumpletong aplikasyon ng tulong sa pananalapi.
5. **Programang Balanse sa Sakuna** – Binabawasan ang bill ng RUSH hanggang sa maximum na 20% ng kita ng sambahayan sa panahon ng isang nagpapatuloy na labindalawang-buwang panahon, napapailalim sa pagsusumite ng lahat ng kinakailangang dokumento.
6. **Programang Diskwento sa Pagbabayad nang Sarili** – Lahat ng pasyenteng hindi nakaseguro na hindi kwalipikado sa isa sa mga programang pinansyal na tulong na inilarawan sa itaas ay maaaring maging karapat-dapat para sa 50% diskwento anuman ang paninirahan sa estado.

Maliban sa nabanggit, kailangan ang patunay ng paninirahan sa Illinois (kabilang ang 3 Indiana collar county ng Lake, LaPorte at Porter) para sa kwalipikasyon para sa alinman sa mga programang ito. Ang paglipat sa Illinois para sa tanging layunin ng pagtanggap ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi nakasasapat sa mga kinakailangan sa paninirahan. Isinasaalang-alang ang lahat ng diskwento nang pana-panahon. Ang mga programa ng tulong sa pananalapi ay hindi magagamit ng mga pasyente na tumatanggap ng pangangalaga sa RUSH bilang wala sa network maliban sa mga serbisyong pang-emergency at magagamit lamang sa mga pasyente na ang mga serbisyo ay itinuturing na medikal na kinakailangan o lumilitaw.

## Mga paraan upang makipag-ugnayan sa RUSH:

### Para sa mga tanong sa Tulong sa Pananalapi at Pagtantiya:

|  |  |  |
|--|--|--|
| <b>RUSH University Medical Center</b><br>Telepono: (312) 942-5967<br>Email: <a href="mailto:financial_counselor@rush.edu">financial_counselor@rush.edu</a> | <b>RUSH Copley Medical Center</b><br>Telepono: (630) 978-4990<br>Email: <a href="mailto:RC_Business_Office@rush.edu">RC_Business_Office@rush.edu</a> | <b>RUSH Oak Park Hospital</b><br>Telepono: (708) 660-5603<br>Email: <a href="mailto:financial_counselor@rush.edu">financial_counselor@rush.edu</a> |
|--|--|--|

### Ibalik o ipadala sa koreo ang mga nakumpletong aplikasyon sa:

|   |   |   |
|---|---|---|
| <b>RUSH University Medical Center</b><br>1653 W. Congress Pkwy<br>Rm. 415 Atrium Bldg.<br>Attn: Financial Counselors<br>Chicago, IL 60612<br>Mag-upload: <a href="http://MyChart.rush.edu">MyChart.rush.edu</a> | <b>RUSH Copley Medical Center</b><br>Patient Financial Services Dept<br>2000 Ogden Avenue<br>Aurora, IL 60504<br>Mag-upload: <a href="http://MyChart.rush.edu">MyChart.rush.edu</a> | <b>RUSH Oak Park Hospital</b><br>520 S. Maple Ave<br>Registration Department<br>Attn: Financial Counselor<br>Oak Park, IL 60304<br>Mag-upload: <a href="http://MyChart.rush.edu">MyChart.rush.edu</a> |
|---|---|---|

## I-access ang Patakaran sa Tulong sa Pananalapi at Aplikasyon ng RUSH:

**Online:** [www.rush.edu/financial-assistance](http://www.rush.edu/financial-assistance)

**Sa pamamagitan ng Koreo** (humiling ng papel na aplikasyon sa Serbisyo sa Customer)

|  |  |  |
|--|--|--|
| <b>RUSH University Medical Center</b><br>Telepono: (312) 942-5693<br>Email: <a href="mailto:billing_info@rush.edu">billing_info@rush.edu</a> | <b>RUSH Copley Medical Center</b><br>Telepono: (630) 978-4990<br>Email: <a href="mailto:RC_Business_Office@rush.edu">RC_Business_Office@rush.edu</a> | <b>RUSH Oak Park Hospital</b><br>Telepono: (312) 942-5693<br>Email: <a href="mailto:billing_info@rush.edu">billing_info@rush.edu</a> |
|--|--|--|

**Sa Personal:** bisitahin ang anumang Admitting Department, Emergency Department, o Financial Counselor Office

## Mga Kinakailangang Suportang Dokumento para sa Tulong sa Pananalapi:

1. Ganap na nakumpleto at nilagdaan **Aplikasyon ng Tulong sa Pananalapi**
2. **Tamang ID na may Litrato na Inisyong Pamahalaan ng US** (ibig sabihin, Lisensya sa Pagmamaneho, ID ng Estado, Pasaporte,
3. **Patunay ng Permanenteng Paninirahan** (Magbigay ng kahit isa man lang sa mga sumusunod kung walang tamang Lisensya sa Pagmamaneho o ID na Inisyong Estado): Kamakailang Utility Bill, Resibo ng Renta o pag-pa, Liham mula sa isang pamahalaan o iba pang mapagkakatiwalaang mapagkukunan, Liham mula sa isang shelter ng walang tirahan o Voter registration card
4. **Mga Dokumentong Buwis** (Ibigay ang sumusunod)
  - Pinakabagong pederal na tax return (kabilang ang lahat ng iskedyul) AT pinakahuling form na W-2 at 1099
5. **Patunay ng Kita ng Pamilya** (Ibigay ang mga sumusunod para sa pasyente/guarantor at para sa bawat miyembro ng sambahayan ng pasyente/guarantor kabilang ang asawa o kinakasama)
  - Mga kopya ng pinakahuling pay stub – 2 buwan (Employer, Pagkawala ng Trabaho, Social Security)
  - Nakasulat na pagpapatunay ng kita, kung binayaran sa cash
6. **Patunay ng mga Asset** (Ibigay ang lahat ng naaangkop na dokumento para sa mga asset na nakalista sa ibaba)
  - (Mga) Account Checking/Savings/Credit Union
  - Mga Stock
  - Mga Mutual Fund
  - Mga Sertipiko ng Deposito
  - (Mga) Account sa Pag-iimpok para sa Kalusugan/Flexible Spending

Mangyaring tandaan: Maaaring maging responsable ang mga aplikante sa isang taunang pagbabayad kung ang mga asset ay lumampas sa ilang hangganan.

Magagamit ang Patakaran sa Tulong sa Pananalapi ng RUSH, Aplikasyon, at Buod sa Simpleng Pananalita sa Ingles, Espanyol, Mandarin Chinese, Polish, at Tagalog. Para sa tulong sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Financial Counselor sa numero ng telepono ng iyong ospital na nakalista sa unang pahina.

## Mga tanong tungkol sa iyong bill:

|  |  |  |
|--|--|--|
| <b>RUSH University Medical Center</b><br>Telepono: (312) 942-5693<br>Email: <a href="mailto:billing_info@rush.edu">billing_info@rush.edu</a><br>Mensahe ng MyChart: <a href="http://MyChart.rush.edu">MyChart.rush.edu</a> | <b>RUSH Copley Medical Center</b><br>Telepono: (630) 978-4990<br>Email: <a href="mailto:RC_Business_Office@rush.edu">RC_Business_Office@rush.edu</a><br>Mensahe ng MyChart: <a href="http://MyChart.rush.edu">MyChart.rush.edu</a> | <b>RUSH Oak Park Hospital</b><br>Telepono: (312) 942-5693<br>Email: <a href="mailto:billing_info@rush.edu">billing_info@rush.edu</a><br>Mensahe ng MyChart: <a href="http://MyChart.rush.edu">MyChart.rush.edu</a> |
|--|--|--|

Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang pagrerepaso ng listahan ng mga ibinukod na serbisyo at mga hindi kalahok na provider, mangyaring bisitahin ang buong patakaran sa tulong sa pananalapi na makikita sa [www.rush.edu/financial-assistance](http://www.rush.edu/financial-assistance).

Hindi kailanman sisingilin ang mga indibidwal na natukoy na karapat-dapat para sa tulong sa pananalapi nang mahigit sa halagang karaniwang sinisingil (AGB) sa mga indibidwal na may seguro. Ang kasalukuyang rate ng pagbabayad ng AGB bilang isang porsyento ay makikita online sa [rush.edu/financial-assistance/AGB](http://rush.edu/financial-assistance/AGB).